# ANG ITIM NA BATO

Ang itim na bato (Hajar Aswad) ay dito nagsisimula ang pagsasagawa ng tawaf (pag-ikot) sa Ka'abah at dito rin nagtatapos na nagsisilbi para sa taong nagsasagawa ng Hajj at Umrah na simualin niya sa pagharap sa Allah at pagtayo sa Kanyang pintuan na may kasamang pagdakila at pagmamahal sa Kanya at bilang paghahangad sa anumang ipinagkakaloob Niya.

Sinabi ng Sugo ng Allah (sumakanya ang kapayapaan) ukol sa kahigitan at antas ng batong itim (Hajar Aswad):" Ang Hajar Aswad ay mula sa Paraiso". Isinalaysay ni Ahmad at itinumpak ni Albani at Ahmad Shakir.

At sinabi niya (sumakanya ang kapayapaan):" Tiyak na darating ang batong ito sa Araw ng Muling pagkabuhay na mayroong dalawang mata na makakakita at dila na magsasalita; magsasaksi siya para sa sinumang makatotohanang humaplos sa kanya". Isinalaysay ni Tirmizi

Tunay na dinakila at pinarangalan ng Propeta (sumakanya ang kapayapaan) ang "Hajar Aswad" at kanya itong hinalikan at hinaplos bagkus tumulo ang kanyang luha habang ito ay hinahawakan at hinahaplos.

Ang mga kahulugan ng Hajar Aswad sa ating mga puso ay:

1- Katotohanan, ang Hajar Aswad ay mula sa Paraiso datapuwa't walang anumang bagay sa lupa na mula sa Paraiso na maaari nating hawakan, haplusin at halikan maliban sa batong ito, kaya ang bato na ito ay nagpapaalala sa atin ng Paraiso ay nararapat lamang na parangalan ito bilang pagsunod sa Propeta (sumakanya ang kapayapaan).

2- Buong paniniwala at pagtalima sa katuruan ng Islam ukol sa paghalik at paghaplos dito batid man natin ang dahilan o hindi.

Sinabi ni Umar bin AL-Khattab [kalugdan nawa ng Allah]:" Katotohanan, batid ko na ika'y bato lamang; wala kang naidudulot na masama o pakinabang, kung hindi ko lamang nakita ang Sugo ng Allah (sumakanya ang kapayapaan) na hinahalikan ka; hindi kita hahalikan". Isinalaysay ni Al-Bukhari

Ayon kay Muhibbuddin At-Tabari [rahimahullah]:" Nasabi lamang ito ni Umar sapagka't tunay na sariwa pa lamang sa mga tao ang pagsamba sa mga Rebulto kaya nangamba si Umar nab aka akalain ng mga mangmang na ang paghawak o paghaplos ng Hajar (Aswad) ay isang uri ng pagsamba at pagdakila lamang sa mga bato katulad ng ginagawa noon ng mga Arabo sa panahon ng kamangmangan, magkagayun nais ni Umar na ituro sa mga tao na ang paghawak [paghaplos] nito ay bilang pagsunod sa ginawa ng Sugo ng Allah (sumakanya ang kapayapaan) at hindi dahil nagdudulot ng masama o pakinabang ang batong ito katulad ng paniniwala ng mga tao sa panahon ng kamngmangan ukol sa mga diyus-diyusan".

Fathul Bari: [3/463]

Samakatuwid, napakahalaga sa Pananampalatayang Islam ang pagsunod sa Sugo ng Allah (sumakanya ang kapayapaan) at sambahin ang Allah ayon sa kanyang katuruan. Sinabi ng Propeta (sumakanya ang kapayapaan):" Sinuman ang gumawa ng isang gawain na hindi kabilang sa aming katuruan ay hindi katanggap-tanggap". Isinalaysay ni Muslim [1718]

Dapat natin tandaan kapag nakikita ang Hajar Aswad na ito ay dating puti ang kulay at pagkatapos ay naging itim dahil sa mga kasalanan ng mga angkan ni Adam, ayon sa Sugo ng Allah (sumakanya ang kapayapaan):" Bumaba ang Hajar Aswad [batong itim] mula sa Paraiso na ang kulay nito ay mas maputi kaysa gatas subali't naging itim ito dahil sa mga kasalanan ng angkan ni Adam". Isinalaysay ni Tirmizi. Kaya ang aral na makukuha natin sa pangyayaring ito ay tiyak na nagdudulot ng masamang epekto sa mga puso ang mga nagagawang kasalanan gaya ng naidulot nito sa Hajar Aswad.

Sinabi ni Muhibbuddin At-Tabari tungkol sa Hajar Aswad: ( Ang pananatili nitong itim- si Allah ang mas Nakaaalam- ay upang magsilbing babala at para maalaala at mabatid na ang mga kasalanan ay nagdulot ng epekto sa Hajar (Aswad) kaya mas matindi ang epekto nito sa mga puso). Al-Qira [295].

Mula sa Aklat na " A'malul Qulub fil Hajj wal Umrah" ng may bahagyang pagbabago.

Ni: SALAMODIN D. KASIM